THIRD SUNDAY IN ORDINARY TIME

The Gift of Sacred Scripture

SINCE MANY HAVE UNDERTAKEN TO COMPILE A NARRATIVE OF THE EVENTS THAT HAVE BEEN FULFILLED AMONG US, JUST AS THOSE WHO WERE EYEWITNESSES FROM THE BEGINNING AND MINISTERS OF THE WORD HAVE HANDED THEM DOWN TO US, I TOO HAVE DECIDED, AFTER INVESTIGATING EVERYTHING ACCURATELY ANEW, TO WRITE IT DOWN IN AN ORDERLY SEQUENCE FOR YOU, MOST EXCELLENT THEOPHILUS, SO THAT YOU MAY REALIZE THE CERTAINTY OF THE TEACHINGS YOU HAVE RECEIVED. LUKE 1:1-4

St. Luke begins his Gospel with this short explanation. This introduction to his Gospel gives us the opportunity to look more deeply at the Holy Bible.

What is your approach to the Bible? How often do you read it? How thoroughly do you understand it? Is the Bible the foundation of your life of faith and knowledge of God?

Sacred Scripture is a gift beyond our imagination. It's a gift from God through which He reveals His perfect love and His perfect plan for us. We should know the Scriptures well, read them often, pray over the verses and allow all that is revealed within those pages to become the foundation of our lives. Let's reflect upon one particular aspect of Sacred Scripture.

The Bible is 100% the work of God and 100% the work of the human author. It is 100/100 so to speak. This means that the human author completely cooperated with the inspiration of the Holy Spirit in writing each book and letter. And God, for His part, guaranteed that all that was written came from His heart and inspiration. Therefore, this joint effort reveals that God used the human author for a divine purpose.

This is of great significance to understand for two reasons. First, it reveals that we should love Scripture because it reveals the heart and truth of God as well as the unique personality and humanity of the human author. So we are benefiting from the full revelation of God as well as the unique gift of the human author.

Second, it should reveal to us that, though God will not use us in the same way (i.e., to add to the Bible), He does desire to use us for divine purposes. He desires to consume our unique human personality and use us to shine forth the beauty and splendor of His divinity. He wants a 100/100 cooperation with us, also, so as to shine through us in a radiant way.

Reflect, today, upon two things. First, reflect upon the gift of the Bible and the way that God used the human author to give you this gift. Second, reflect upon the fact that God wants to use you, in all your weakness and sin, to bring His divine presence into our world. Be open to that gift so that you may become a living gift of the Word of God to the world.

Most glorious Eternal Word, I thank You for the wonderful gift of Sacred Scripture. Thank You for all that You have revealed through this gift and for the way that You used the human author for the transmission of Your life. Help me to always be open to Your divine Word and to always be open to becoming a living presence of that Word in our world. Jesus, I trust in You.

MYCATHOLIC.LIFE

Ika-23 ng Enero, Linggo III

IKA-3 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Panalangin Sa Umaga

PASIMULA

Panginoon, buksan mo ang ating mga labi.
At pupurihin ka ng aking bibig.

PAANYAYA SA PANALANGIN ANTIPONA

Halina't ang Panginoon ay ating awitan; papurihan ang batong kublihan nati't lakas.

Salmo 95

Tayo ay lumapit sa 'ting Panginoon, Siya ay awitan,
Ating papurihan ang batong kublihan nati't kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak. *(Antipona)*

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig. pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang. *(Antipona)*

Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati' y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan. *(Antipona)*

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
"Iyang inyong puso'y huwag patigasin,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang
Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.
Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila' ng nakinabang. *(Antipona)*

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi, "Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinuway!"
Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan." *(Antipona)*

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen. *(Antipona)*

AWIT

Sa araw na ito, ang una sa mga araw,
Ang Amang Manlilikha ay ating papurihan,
Panginoon siya na sa lahat ay lumalang,
Gumawa sa daigdig mula sa kadiliman.

Sa araw na ito, nagtagumpay ang D'yos Anak
Laban sa kamatayang umalipin sa lahat.
Upang ang mga tao ay mabuhay na ganap,
Inalay ang sarili't tinanggap ang pahirap.

Sa araw na ito, Espiritu ay dumatal,
Kaloob sa mga tao'y pawang pagmamahal.
Mapagpalang liwanag ang tangi naming dasal,
Araw nami'y papayapa at magiging banal.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: Dakila ang Diyos sa kaitaasan.

Salmo 93

(Ang marilag na kapangyarihan ng Diyos na Manlilikha)

Ang PANGINOON ay naghahari, na ang suot sa katawan
Ay damit na maharlika at batbat ng kalakasan.

Ang sandigan ng daigdig, matatag ang pinatungan
Kahit ano ang gawin pa'y hindi ito magagalaw.
Ang trono mo ay matatag simula pa noong una,
Bago pa ang ano pa man, likas ikaw'y naroon na.

Tumataas, PANGINOON, ang tubig ng mga ilog,
Lumalakas ang lagaslas habang sila'y umaagos;
Maingay na di kawasa na animo'y humaharok.

Parang tubig na marami, ang buhos ay parang kulog,
Malakas pa kaysa alon ng dagat na mayro'ng unos;
Higit pa sa mga ito ang tinig ng dakilang Diyos.

Walang hanggan, PANGINOON, ang lahat ng tuntunin mo,
Sadyang banal at matatag ang sambahang iyong templo.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: Dakila ang Diyos sa kaitaasan.

Antipona 2: Sa iyo, Panginoon, ang pinakamataas na kadakilaan at papuri magpakailanman.

Awit: Daniel 3:57-88, 56

(Purihin nawa ang Diyos ng lahat ng nilalang)

Purihin ninyo ang Panginoon, kayong lahat na mga nilikha,
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, kayong lahat, mga kalangitan;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, kayong lahat, mga anghel ng Panginoon,
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, kayong lahat, mga tubig sa ibabaw ng langit;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, kayong lahat na bumubuo ng kanyang hukbo;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, araw at buwan;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga bituin sa langit;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.

Purihin ninyo ang Panginoon, mga ulan at hamog;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, lahat ng hanging umiihip sa sandaigdigan;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, apoy at init;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, nakapapasong init at matinding lamig;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga hamog at niyebeng nalalaglag;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga araw at mga gabi;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, liwanag at kadiliman;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, graniso at ginaw;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, yelo at niyebe;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga kidlat at mga ulap;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.

O lupa, dakilain ang Panginoon;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga bundok at mga burol;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, lahat ng tumutubo sa lupa;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga dagat at mga ilog;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga bukal ng tubig;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga balyena at lahat ng nilikhang nasa tubig;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, lahat ng ibon sa himpapawid;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga kawan at mga maiilap na hayop;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Lahat ng tao sa daigdig, purihin ninyo ang Panginoon;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.

Purihin ninyo ang Panginoon, bansang Israel;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga saserdote ng Diyos;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga lingcod ng Panginoon;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, kayong lahat na mga tapat;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, lahat ng banal at mababang-Ioob;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, Ananias, Azarias at Misael;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.

Pagpalain ang Ama at Anak at Espiritu Santo;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ka sa buong sangkalangitan;
Karapat-dapat kang awitan at dakilain magpakailanman.

(Hindi dadasalin ang 'Papuri sa Ama at…')

Antipona 2: Sa iyo, Panginoon, ang pinakamataas na kadakilaan at papuri magpakailanman.

Antipona 3: Purihin ang Diyos, nitong kalangitan.

Salmo 148

(Purihin ang Panginoong Manlilikha)

Purihin ang Diyos, nitong kalangitan,
Kayo sa itaas siya'y papurihan.
Ang lahat ng anghel, magpuri't magdiwang,
Kasama ang hukbo roong karamihan!

Ang araw at buwan, siya ay purihin,
Purihin din siya ng mga bituin,
Mataas na langit, siya ay purihin,
Tubig sa itaas, gayon din ang gawin!

Siya ang may utos na sila'y likhain,
Kaya ang ngalan n'ya ay dapat purihin.
Kanya-kanyang dako yaong pinaglagyan,
At mananatili doon kailanman,
Sila ay susunod sa tungkuling bigay.

Purihin din ang Diyos, buong kalupaan,
Maging dambuhala nitong karagatan.
Ulang mayro'ng yelo, ang kidlat at ulap,
Malakas na hangin, susunod na lahat.

Mga kabundukan, mataas na burol,
Malawak na gubat, mabubungang kahoy
Hayop na maamo't mailap na naro'n,
Maging gumagapang na hayop at ibon,
Lahat ay magpuri't sa PANGINOON iukol.

Pupurihin siya ng lahat ng tao,
Hari at prinsipe, lahat ng pangulo,
Babae't lalaki, mga kabataan,
Matatandang tao't kaliit-liitan.

Lahat ay magpuri sa ngalan ng PANGINOON,
Ang kanyang pangala'y pinakamaigi;
Sa langit at lupa'y walang kasimbuti.

Siya'ng nagpalakas sa sariling bansa,
Kaya pinupuri ng piniling madla,
Ang bayang Israel, mahal niyang lubha!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: Purihin ang Diyos, nitong kalangitan.

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Ezekiel 37:12b-14)*

Ipinasasabi ng Panginoong Diyos: Bayan ko, ibubukas ko ang inyong libingan. Ibabangon ko kayo at iuuwi sa inyong bayan. Kung maibukas ko na ang inyong libingan at maibangon ko kayo, makikilala ninyong ako ang Panginoon. Hihingahan ko kayo upang kayo'y mabuhay, at ibabalik ko kayo sa inyong sariling bayan. Sa gayon, malalaman ninyo na akong Panginoon ang nagsabi nito at aking gagawin.

TUGUNAN

Kristo, Anak ng Diyos na buhay, kaawaan mo kami.
— Kristo, Anak ng Diyos na buhay, kaawaan mo kami.

Nakaluklok ka sa kanan ng Ama,
— kaawaan mo kami.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Kristo, Anak ng Diyos na buhay, kaawaan mo kami.

PAPURING AWIT NI ZACARIAS

Antipona: "Halikayo, sumunod kayo sa akin," wika ng Panginoon "at gagawin ko kayong mamamalakaya ng mga tao."

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas,
Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta noong una,
Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,
Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Ama, sinugo mo ang Espiritu Santo upang liwanagan ang mga puso ng mga tao. Dinggin mo ang aming panalangin:

Liwanagan mo ang iyong bayan, Panginoon.

Dakila ka, O Panginoon, aming tanglaw.
— pinagkalooban mo kami ng bagong araw na puspos ng iyong kaluwalhatian.

Tinatanglawan mo ang sandaigdigan sa pamamagitan ng pagkabuhay ng iyong Anak na banal,
— sa pamamagitan ng iyong Simbahan, ipamahagi ang sinag nito sa sangkatauhan.

Binigyan mo ng biyayang pang-unawa na dulot ng Espiritu ang mga alagad ng Bugtong na Anak mo,
— sa pamamagitan ng iyo ring Espiritu, panatilihin ang Simbahan na maging matapat sa iyo.

Liwanag ng mga bansa, alalahanin ang mga nananatili sa kadiliman,
— buksan ang kanilang paningin at tulutang makilala ka, ang iisang Diyos na Makapangyarihan.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama naming makapangyarihan,
gabayan ang iyong pag-ibig na sumasaamin,
upang sa ngalan ng iyong Anak na Banal,
ang aming mga gawain ay magdulot ng kapayapaan
at pagkakaisa sa buong sangkatauhan,
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.



PAGHAYO

(Kung may pari o diacono)

Sumainyo ang Panginoon
at sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.
Amen.

(Kung walang pari o diacono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
Amen.

Panalangin sa Takipsilim (II)

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

O Kristo, ikaw ang aming liwanag at araw,
Sadyang pumapalis sa gabi at kadiliman;
O araw ng Diyos na may walang hanggang sinag,
May pangako ang bukas sa dulot na liwanag.

Ngayong dumating na, anino ng takipsilim
Sa 'yo ay dumudulog, dinggin ang panalangin;
Mapayapang gabi'y amin nawang tamasahin
Hanggang kinabukasa'y dumatal at magising.

Alalahanin kaming mga abang nilalang,
Lumalapit ngayong may taglay na kahilingan:
Ang makapiling sana ay tanging ikaw lamang,
Sapat nang gantimpalang di maaaring tumbasan.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: Sinabi ng Panginoon sa Hari ko't Panginoon: Maupo ka sa kanan ko.

Salmo 110:1-5, 7
(Ang Mesiyas, hari at pari)

Sinabi ng PANGINOON,
Sa Hari ko't PANGINOON,
"Maupo ka sa kanan ko,
Hanggang ang kaaway mo
Ay lubos na mapasuko, pagkat iyong matatalo."

Magmula sa dakong Sion,
Ay palalawakin niya ang lupaing iyong sakop;
"At lahat ng kaaway mo'y
Sakupin at pagharian," gayon ang kanyang utos.

Sasamahan ka ng madla,
Kung dumating ang panahong lusubin ka ng kaaway;
Magmula sa mga bundok,
Lalabas at sasamahan ka ng mga kabataan.

Ang PANGINOON ay may pangako
Na ito'y tiyak mangyayari, ganito ang kanyang saysay:
"Katulad ni Melquisedec,
Gagawin kang saserdote, na hindi na wawakasan."

Ang PANGINOON ay naroroong
Nakaupo sa kanan mo, at pag siya ay nagalit,
Ang lahat ng mga hari ay tiyak na malulupig.

Sa batis sa lansangan,
Itong hari ay iinom, at sisigla ang katawan;
Sa lakas na tataglayin, matatamo ang tagumpay.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: Sinabi ng Panginoon sa Hari ko't Panginoon: Maupo ka sa kanan ko.

Antipona 2: Nag-iwan sa atin ang ating mahabaging Diyos ng alaala ng kanyang mga dakilang gawa.

Salmo 111

(Ang kagila-gilalas na gawa ng Diyos)

Buong puso siyang pasasalamatan,
Aking pupurihin sa gitna ng bayan
Kasama ng mga lingkod na hinirang.
Napakadakila ang gawa ng Diyos,
Pinananabikan ng lahat ng lingkod.

Lahat niyang gawa'y dakila at wagas,
Bukod sa matuwid hindi magwawakas.
Hindi inaalis sa ating gunita,
Na siya'y mabuti't mahabaging lubha.

Sa may pagkatakot pagkai'y sagana;
Pangako ng PANGINOON ay hindi nasisira.
Ipinadama n'ya sa mga hinirang,
Ang kapangyarihan niyang tinataglay,
Nang ibigay niya lupa ng dayuhan.

Ang gawa ng Diyos, matuwid at tapat,
At maaasahan lahat niyang batas.
Ito ay lalagi at di magwawakas,
Pagkat ang saliga'y totoo't matapat.

Kaligtasa'y dulot sa mga hinirang,
May ipinangakong walang hanggang tipan;
Banal at dakila ang kanyang pangalan.

Ang taong may nais na siya'y dumunong,
Sa PANGINOON matakot yaong taong iyon;
Sa palasunurin ay tapat ang hatol,
At pupurihin pa sa buong panahon!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: Nag-iwan sa atin ang ating mahabaging Diyos ng alaala ng kanyang mga dakilang gawa.

Antipona 3: Sa iyo ang lahat ng kapangyarihan, Panginoong Diyos na walang hanggan.

Awit: Pahayag 19:1-7

(Ang kasal ng Kordero)

Purihin ang PANGINOON!
Ang pagliligtas, ang karangalan,
At ang kapangyarihan ay tanging sa Diyos!
Matuwid at tama ang kanyang hatol!
Purihin ang PANGINOON!

Purihin ang PANGINOON!
Purihin ninyo ang ating Diyos,
Kayong lahat na mga lingkod niya,
Maging dakila at hamak,
Kayong may banal na takot sa kanya!
Purihin ang PANGINOON!

Purihin ang PANGINOON!
Sapagkat naghahari ang Panginoon,
Ang ating Diyos na Makapangyarihan sa lahat!
Dapat tayong magalak at magsaya.
Purihin ang PANGINOON!

Purihin ang PANGINOON!
Purihin natin ang kadakilaan niya
Dahil sa nalalapit na kasal ng Kordero.
Nakahanda na ang kasintahang babae.
Purihin ang PANGINOON!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: Sa iyo ang lahat ng kapangyarihan, Panginoong Diyos na walang hanggan.

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(1 Pedro 1:3-7)*

Purihin natin ang Diyos at Ama ng ating PANGINOONG Hesukristo. Dahil sa laki ng habag niya sa atin, tayo'y isinilang sa isang panibagong buhay sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Hesukristo. Ang bagong buhay na iyan ang nagbigay sa atin ng malaking pag-asa na kakamtan natin ang isang kayamanang walang kapintasan, di masisira, at di kukupas. Ang kayamanang iya'y nakalaan sa inyo doon sa langit. Sapagkat kayo'y sumampalataya, iingatan kayo ng kapangyarihan ng Diyos samantalang hinihintay ninyo ang kaligtasang nakalaang ihayag sa katapusan ng mga panahon.

Ito'y dapat ninyong ikagalak, bagama't maaaring magdanas muna kayo ng iba't ibang pagsubok sa loob ng maikling panahon. Ang ginto, na nasisira, ay pinararaan sa apoy upang malaman kung talagang dalisay. Gayon din naman, ang inyong pananampalataya, na higit kaysa ginto, ay pinararaan sa pagsubok upang malaman kung talagang tapat. Sa gayon, kayo'y papupurihan, dadakilain, at pararangalan sa Araw na mahayag si Hesukristo.

TUGUNAN

Ipinahahayag ng sangnilikha ang dakila mong kaluwalhatian.
— Ipinahahayag ng sangnilikha ang dakila mong kaluwalhatian.

Walang hanggang pupurihin,
— ang dakila mong kaluwalhatian.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Ipinahahayag ng sangnilikha ang dakila mong kaluwalhatian.

PAPURING AWIT NI MARIA

Antipona: Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon, sapagkat hinirang niya ako upang ipangaral sa mga dukha ang Mabuting Balita.

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Nilikha ang daigdig sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, pinanibago sa pamamagitan ng kanyang pagtubos, at patuloy na pinaninibago sa pamamagitan ng kanyang pagmamahal. Tumawag tayo sa kanya nang may kagalakan:

Baguhin nawa kami ng iyong pag-ibig, Panginoon.

Pinasasalamatan namin ang Diyos dahil sa kapangyarihang nababanaagan sa kalikasan,
— at ang kagandahang-loob na nakikita sa kasaysayan.

Sa pamamagitan ng iyong Anak, ang tagapagdala ng pagbabalik-loob, at tagumpay ng krus,
— iligtas kami sa kawalang pag-asa at walang saysay na takot.

Ang lahat nawa ng marunong magmahal at tumatahak sa katarungan,
— ay magkaisa sa pagkilos nang walang pag-iimbot sa pagbubuo ng isang daigdig na may tunay na kapayapaan.

Mapasapiling ka nawa ng mga inaapi, palayain ang mga napipiit, aliwin ang mga nahahapis, pakainin ang mga nagugutom, at ang mahihina'y bigyang-lakas,
— sa lahat ng tao, ipahayag ang tagumpay ng iyong krus.

Pagkatapos ng kamatayan at libing ng iyong Anak, binuhay mo siyang muli sa kaluwalhatian,
— gawaran ang mga yumaong mananampalataya na sa piling niya'y mamuhay.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama naming makapangyarihan,
gabayan ang iyong pag-ibig na sumasaamin,
upang sa ngalan ng iyong Anak na Banal,
ang aming mga gawain ay magdulot ng kapayapaan
at pagkakaisa sa buong sangkatauhan,
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diacono)

Sumainyo ang Panginoon
at sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.
Amen.

(Kung walang pari o diacono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
Amen.

Panalanging sa Gabi

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Kristo, ikaw lamang liwanag at ang araw
Na pumapawi sa gabi at kadiliman.
Ikaw ang nagniningning na Araw ng Maykapal,
Katuparan ng pagtubos sa sangkatauhan.

Alalahanin kaming mga abang nilalang,
Panginoon, kami nawa ay iyong pakinggan.
Hiling ay manahan ka sa aming pagkahimlay
Hanggang sa paggising sa pagbubukang-liwayway.

Antipona: Ang gabi'y di nagdudulot sa akin ng takot sapagkat ako'y nahihimlay sa pagtangkilik ng Diyos.

Salmo 91

(Ligtas sa mapagkupkop na kalinga ng Diyos)

Siyang naghahangad ng pagkupkop ng Kataas-taasan,
At nananatili sa kalinga niyong Makapangyarihan;
Makapagsasabi sa kanyang PANGINOON:
"Muog ka't tahanan,
Ikaw ang aking Diyos, ang Diyos na tangi kong pinagtiwalaan."

Ika'y ililigtas niya sa panganib, sa umang na bitag,
At kahit ano mang mabigat na salot di ka magdaranas.
Lulukuban niya sa lilim ng kanyang malabay na pakpak,
Sa kalinga niya ay natitiyak mo na ikaw ay ligtas.

Iingatan niya't ipagsasanggalang, pagkat siya'y tapat.
Pagsapit ng gabi, di ka matatakot sa anumang bagay,
Maging sa gagawing biglaang paglusob pagsapit ng araw.
Ni sa ano pa mang darating na salot pagkagat ng dilim,
Di ka matatakot sa kasamaan mang araw kung dumating.

Kahit na mabuwal sa iyong harapan ang sanlibong tao,
Sa iyong paligid ang bilang ng patay maging sampung libo;
Di ka matatakot, at natitiyak mong di ka maaano.

Ika'y nagmamasid at sa panonood iyong mamamasdan,
Yaong masasama ay makikita mong pinarurusahan.
Sapagkat ang PANGINOON ang iyong ginawang tagapagsanggalang,
At ang pinili mong mag-iingat sa 'yo'y Kataas-taasan,

Di mo aabuting ikaw'y mapahamak, at walang daratal
Kahit anong uring mga paghihirap sa iyong tahanan.
Susuguin niya ang maraming anghel, sila'ng susubaybay,
Kahit saang dako ikaw maparoon, tiyak iingatan.
Sa kanilang palad ay itatayo ka't, sila'ng magtataas
Nang hindi masaktan ang mga paa mo sa batong matalas.
Kahit ang tapakan mo ay mga leon, ahas na mabagsik,
Di ka maaano sa mga serpiyente't leong mababangis.

Ang sabi ng Diyos, "Aking ililigtas ang tapat sa akin,
At iingatan ko ang sinumang taong ako'y kikilanlin.
Pag sila'y tumawag, laging handa ako na sila'y pakinggan,
Aking sasamahan at kung may hilahil ay sasaklolohan;
Aking ililigtas at ang bawat isa ay pararangalan.

Sila'y bibigyan ko't gagantimpalaan ng mahabang buhay,
At nakatitiyak na ang tatamuhin nila'y kaligtasan!"

(Papuri sa Ama at...)

Antipona: Ang gabi'y di nagdudulot sa akin ng takot sapagkat ako'y nahihimlay sa pagtangkilik ng Diyos.

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Pahayag 22:4-5)*

Makikita nila ang kanyang mukha, at masusulat sa kanilang noo ang kanyang pangalan. Doo'y walang gabi, at hindi na sila mangangailangan ng mga ilawan o ng liwanag ng araw, pagkat ang Panginoong Diyos ang magiging ilaw nila, at maghahari sila magpakailanman.

TUGUNAN

Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Tinubos mo kami, Panginoong Diyos ng katotohanan,
— inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Papuri sa Ama at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

PAPURING AWIT NG EBANGHELYO

Antipona: Habang kami'y gising, Panginoon, kami ay ingatan; bantayan kami habang kami'y nahihimlay; upang sa paggising, manatili kaming kasama ni Kristong nagbabantay, at sa pagtulog, makapahinga kami sa kanyang kapayapaan (aleluya).

Kunin mo na, Panginoon ang iyong abang alipin,
Ayon sa iyong ipinangako:

Yamang nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas,
Na inihanda mo para sa lahat ng bansa:

Liwanag itong tatanglaw sa mga Hentil,
At magbibigay karangalan sa iyong bayang Israel.

PANGWAKAS NA PANALANGIN

Panginoon,
ipinagdiwang namin ngayon
ang misteryo ng pagbangon ni Kristo
sa isang bagong buhay.
Makapahinga nawa kami sa iyong kapayapaan,
na ligtas sa lahat ng sa ami'y maaaring magpahamak
at bumangon muli kaming masigla at puno ng galak
upang purihin ka sa buong maghapon at magdamag.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan
ni Kristong aming Panginoon.
Amen.

PAGHAYO

Gawaran nawa tayo ng Makapangyarihang Diyos ng gabing panatag at mapayapang pagkahimlay.
— Amen.

AWIT O PANALANGIN NG PAPURI KAY MARIA

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya.
Ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo.
Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat
At pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus.

Santa Maria, Ina ng Diyos,
Ipanalangin mo kaming makasalanan
Ngayon at kung kami'y mamamatay.
Amen.